Para sa lahat na tumatanggap ng benepisyo mula sa Workers' Accident Compensation Insurance at namatayang pamilya

# Maaaring magkaroon ng karagdagang benepisyo ang mga benepisyong mula sa Workers' Accident Compensation Insurance na nabayaran matapos ang Hulyo 2004

Bilang bahagi ng "Monthly Labor Statistical Survey" ng Ministry of Health, Labour and Welfare, na nakatakdang gawin nang buo, isinagawa ang partial survey at napag-alaman mula dito na masyadong mababa ang pang-estadistikang halaga ng suweldo.
Bilang resulta, ang halaga ng mga benepisyo ng Workers' Accident Compensation Insurance ay naapektuhan, na ginagamit sa pagkalkula ng slide rate, atbp. batay sa mga pagbabago ng average na suweldo ayon sa survey.
Mula noong 2004, retroaktibong ipinagkakaloob ang mga karagdagang benepisyo.
Humihingi kami ng paumanhin sa anumang abalang nagresulta dito.

**Ang mga taong nakatanggap ng mga benepisyo na ito matapos ang Hulyo 2004 ay magkakaroon ng karagdagang benepisyo**

- Injury/Sickness (Compensation) Pension, Injury/Sickness Special Pension,
- Disability (Compensation) Pension, Disability Special Pension
- Bereaved Family (Compensation) Pension, Bereaved Family Special Pension, Bereaved Family Special Lump Sum
- Leave (Compensation) Benefit, Leave Special Payment atbp.

* Kahit ang mga taong nakatanggap ng benepisyo matapos ang Hulyo 2004 ay maaaring hindi makatanggap ng karagdagang benepisyo depende sa timing at basic daily benefit amount

○ Ang halaga ng muling kinalkulang bayad sa benepisyo at karagdagang benepisyo ay ibibigay ayon sa sumusunod na iskedyul.

| | | | | Umpisa ng pagbibigay ng abiso | Umpisa ng pagbabayad ng benepisyo |
|---|---|---|---|---|---|
| Workers' Accident Compensation Pension | Mga Taong Kasalukuyang Tumatanggap ng Benepisyo (hanggang nitong Marso 2019) | Para sa hinaharap (Abril at Mayo 2019) | | Abril 2019 | Hunyo 2019 |
| | | Para sa nakaraan | Taong hindi nangangailangan ng adjustment sa bayad ng Welfare Pension | Mayo 2019 - | Hunyo 2019 - |
| | | | Taong hindi nangangailangan ng adjustment sa bayad ng Welfare Pension | Setyembre 2019 - | Oktobre 2019 - |
| | Mga taong nabayaran na ng benepisyo sa nakaraan | | | Setyembre 2019 – *1 | Oktobre 2019 – *2 |
| | | | | **Umpisa ng pagbibigay ng abiso** | **Umpisa ng pagbabayad ng benepisyo** |
| Leave (Compensation) Benefit | Mga Taong Kasalukuyang Tumatanggap ng Benepisyo (hanggang nitong Marso 2019) | Para sa hinaharap (Halaga na muling kinalkula mula sa siningil sa pag-leave noong Abril 2019) | | — | Mayo 2019 - (pati bahagi ng Abril) |
| | | Para sa nakaraan | Taong hindi nangangailangan ng adjustment sa bayad ng welfare pension | Hunyo 2019 - | Hulyo 2019 - |
| | | | Taong hindi nangangailangan ng adjustment sa bayad ng welfare pension | Hulyo 2019 - | Agosto 2019 - |
| | Mga taong nabayaran na ng benepisyo sa nakaraan | | | Agosto 2019 – *1 | Setyembre 2019 – *2 |
| | Mga taong nabayaran na ng benepisyo sa nakaraan at nangangailangan ng mas maraming oras para sa pagproseso sa system | | | Nobyembre 2019 - | Disyembre 2019 |

*Para sa"adjustment ng benepisyo", maaaring magkaroon ng adjustment sa halaga ng kompensasyon para sa mandatory vehicle liability insurance at halaga ng benepisyo kung tumatanggap ng benepisyo ng kapwa Workers' Accident Compensation Pension and Welfare Pension (Disability or Bereaved Family Pension) o kung nagkaroon ng aksidente habang nagko-commute sa trabaho.

*1 Magkakasunud-sunod magmula sa mga taong kumpirmado ang kasalukuyang address
*2 Magkakasunud-sunod batay sa kinakailangang beripikasyon ng identidad.

○ Kapag hindi nagbago ang benepisyong matatanggap pagkatapos ng muling pagkalkula, hindi padadalhan ang taong iyon ng anumang abiso para sa karagdagang benepisyo.

○ Ang kalagayan ng pangangasiwa sa karagdagang benepisyo ay nasa web site ng Ministry of Health, Labour and Welfare.

***Mangyaring huwag itapon at sa halip ay itabi ang sumusunod na mga dokumento, dahil maaaring kakailanganin ito sa mga darating na pagpoproseso ng karagdagang benepisyo.**
**Payment Decision Notice (Abiso sa Desisyon sa Pagbabayad ng Benepisyo)/Payment Transfer Notice (Abiso sa Pagpapadala ng Benepisyo sa Bangko)/Pension Certificate (Sertipiko ng Pension)/Change Decision Notice (Abiso sa Pagbabago ng Desisyon)**

Ministry of Health, Labour and Welfare/Prefectural Labour Bureau/
Labor Standards Inspection Office

Para sa lahat na tumatanggap ng benepisyo mula sa Workers' Accident Compensation Insurance

# Na-instala na ang "Hotline para sa Pagtatanong tungkol sa mga Karagdagang Benepisyo"

## Libre ang tawag mula kahit saan sa bansa

**Maaaring magkaroon ng karagdagang benepisyo ang mga benepisyong mula sa Workers' Accident Compensation Insurance na nabayaran matapos ang Hulyo 2004.**

Ang hotline sa ibaba ay tumatanggap ng mga katanungan at konsultasyon. Kung mayroon kang anumang katanungan, mangyaring kontakin muna ito.

**Sasagutin sa hotline ang mga ganitong tanong**

- Anong uri ng mga benepisyo ang makakatanggap ng karagdagang benepisyo?
- Anong petsa ng nabayaran nang benepisyo ang nasasakop para sa karagdagang benepisyo?
- Iba na ang aking pangalan at address…

**Ito ang hotline** ☞

## 0120-952-824

*Nasa wikang Hapon lamang ito

Oras na matatawagan Lunes hangggang Biyernes **8:30 - 20:00**
Sabado, Linggo, at mga pista opisyal **8:30 - 17:15**

Sa ngayon walang deadline sa pagkokonsulta sa "Hotline para sa Pagtatanong tungkol sa mga Karagdagang Benepisyo"

✓ Kung gustong gumamit ng ibang wika, tawagan ang sumusunod.

*May singil sa pagtawag sa mga ito.

| Wika | Mga Araw na Matatawagan | Mga Oras na Matatawagan | Numero ng Telepono |
|---|---|---|---|
| Ingles | Lunes hanggang Biyernes | 10 am – 3pm (walang sasagot mula 12nn hanggang 1pm) | 0570-001701 |
| Intsik | | | 0570-001702 |
| Portuguese | | | 0570-001703 |
| Espanyol | | | 0570-001704 |
| Tagalog | Martes, Miyerkoles, Huwebes, Biyernes | | 0570-001705 |
| Vietnamese | Lunes hanggang Biyernes | | 0570-001706 |
| Burmese | Lunes, Miyerkoles | | 0570-001707 |
| Nepali | Martes, Huwebes | | 0570-001708 |

Ministry of Health, Labour and Welfare/Prefectural Labour Bureau/
Labor Standards Inspection Office